Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyong Administratibo ng Cordillera
**TANGGAPAN NG SANGAY NG MGA PAARALAN NG BENGUET**
Wangal, La Trinidad, Benguet
*Telefax: (074) 422-6570; (074)422-7501*

Agosto 1, 2017

DEPARTMENT OF EDUCATION
AUG 01 2017
Division

# PANDIBISYONG MEMORANDUM

Bilang 152, s. 2017

**PARA SA:** Mga Tagamasid Pampurok
Mga Koordineytor ng Filipino sa bawat Distrito
Mga Kinauukulang Namumuno ng mga Paaralang Pampubliko at Pribado

**PAKSA:** **PANDIBISYONG PATIMPALAK KAUGNAY NG PAGDIRIWANG NG 2017 BUWAN NG WIKANG PAMBANSA**

1. Alinsunod sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 58 s. 2017 at Panrehiyong Memorandum Bilang 228 na may petsang Hulyo 28, 2017 kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa na may temang **"Flipino: Wikang Mapagbago"** ay ilunlunsad ng Sangay ng Benguet ang **Pandibisyong Patimpalak** sa Agosto 25, 2017 sa Bulwagan ng Adivay Hall, Wangal, La Trinidad, Benguet.

2. Bilang pakikiisa sa hangaring maitampok ang wikang pambansa sa iba't ibang pamamaraan, ang patimpalak ay kinabibilangan ng Isahang Awit para sa primarya (una hanggang ikatlong baitang), Balagtasan para sa antas intermediya (Ikaapat hanggang Ikaanim na baitang), Katutubong Sayaw para sa Baitang 7 at 8, Dagliang Talumpati para sa Baitang 9 at 10, at Tulawit o Harana para sa Senior High School.

3. Batay sa nabanggit na Panrehiyong Memorandum, narito ang mga mekaniks at kraytirya sa bawat patimpak:

**A. ISAHANG AWIT**

a. Ang kalahok ay mga mag-aaral mula sa una, ikalawa o ikatlong baitang.
b. Ang awit ay may kaugnayan sa paksa. Maaaring bumuo ng sariling awit o maghanap ng gawang mga awiting Pilipino.
c. May nakalaaang minimum na dalawang minutos hanggang sa maksimum na apat na minutos para sap ag-awit kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado.

Kraytirya:

| | |
|---|---|
| Tinig | 20% |
| Boses | 20% |
| Kasanayan/Pagkilos | 15% |
| Damdamin at ekpresyon | 20% |
| Nilalaman ng awitin | 15% |
| Kaugnayan sa Paksa | 10% |
| ***KABUUAN*** | ***100%*** |

**B. BALAGTASAN**

a. Ang kalahok ay binubuo ng tatlong mag-aaral na magmumula sa Baitang 4-6.
b. Ang paksa ay may kaugnayan sa tema ng pagdiriwang.
c. May nakalaang tatlong minutos hanggang maksimum na limang minutos para sa pagtatalo.

Kraytirya:

| | |
|---|---|
| Kaangkupan sa tema at kaalaman sa paksa | 35% |
| Kaangkupan ng galaw, kilos at ekspresyon ng mukha | 25% |
| Paglalahad ng mga patunay/ebidensiya | 10% |
| Kabuuang Pagtatanghal | 20% |
| Kagamitan at Kaayusan | 10% |
| ***KABUUAN*** | ***100%*** |

**C. KATUTUBONG SAYAW**

a. Ang mga kalahok ay mag-aaral mula sa Baitang 7 o 8.
b. Ang pangkat ay binubuo lamang ng apat na mananayaw.
c. Ang sayaw ay itatanghal sa loob ng limang (5) minutos hanggang sampung (7) minutos hindi kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado.

Kraytirya:

| | |
|---|---|
| Pagkakaisa ng kilos/galaw .......................................... | 35% |
| Kaalaman sa sayaw .................................................... | 30% |
| Kasuotan .......................................................... | 15% |
| Kabuuan ng Pagtatanghal ......................................... | 20% |
| ***KABUUAN*** | ***100%*** |

**D. DAGLIANG TALUMPATI**

a. Ang kalahok ay mag-aaral mula sa Baitang 9 o 10.
b. Ang tanong ay nakahanda para sa mga kalahok.
c. May nakalaang minimum na tatlong minutos hanggang maksimum na limang minutos para sa paglalahad ng ideya kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado.

Kraytirya:

| | |
|---|---|
| Kaalaman sa paksa/Kaisahan ng ideya ................................ | 30% |
| Lakas at linaw ng boses .......................................... | 20% |
| Paglalahad ng mga patunay .......................................... | 25% |
| Kaangkupan ng ekspresyon ng mukha, tiwala sa sarili ...... | 25% |
| ***KABUUAN*** | ***100%*** |

**E. TULAWIT/HARANA**

a. Ang kalahok ay isang lalaki at isang babae mula sa Baitang 11 0 12.
b. Ang lahat ng usapan/dayalogo ay isasagawa sa pamamagitan ng awit o tula na kanilang gagawin. Maaaring ito ay halaw sa nagawang awit o sariling katha na nilapatan ng sariling himig. Ipakikita ang pagiging madamdamin at wagas na pagsinta.

Kraytirya:

| | |
|---|---|
| Boses ......................................................................... | 25% |
| Indayog ......................................................................... | 25% |
| Damdamin ................................................................... | 20% |
| Kaugnayan sa Paksa ................................................... | 10% |
| Pangkalahatang Presentasyon ................................. | 20% |
| ***KABUUAN*** | ***100%*** |

4. Ang mga mag-aaral na magwawagi ng unang gantimpala sa pandistritong paligsahan ang magrerepresenta sa kanilang distrito sa pandibisyong patimpalak.

5. Kasunod nito, ang mga mag-aaral na magwawagi ng unang puwesto sa bawat patimpalak ang magrerepresenta rin sa Dibisyon ng Benguet sa Panrehiyong Patimpalak na gaganapin sa Bulwagan ng Benguet State University sa Agosto 31, 2017 sa ganap na ika-8:00 ng umaga para sa panapos na palatuntunan ng isang buwang pagdiriwang.

6. Ang pagkain, pamasahe at iba pang gastusin ng mga kalahok gayundin ang kanilang tagapayo sa gawaing ito ay maaring magmumula sa kani-kanilang pondong lokal o pondo ng kani-kanilang paaralan samantalang ang mga gastusin sa plaque, sertipiko, at pagkain ng mga hurado at miyembro ng komite ay magmumula sa pondo ng dibisyon alinsunod sa mga panuntunan sa pagsusuma at pag-oodit.

7. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

**MARIE CAROLYN B. VERANO, CESO VI**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

/MBM